Taon 5 Blg. 9
Setyembre 2010

http://www.umangat-migrante.com

MPL
MIGRANTE PARTY LIST
Italy Chapter

OPISYAL NA PAHAYAG NG MPL–ITALY CHAPTER

Pahayag ng Migrante

BALITA

ISANG PAGGUNITA SA BAKAS NG BATAS MILITAR

Noong ika 19 ng Setyembre, ginunita ang ikatatlumput walong taon mula ng ideklara ang Batas Militar ng rehimeng diktadura at pasista ni Ferdinand Marcos noong Setyembre 21, 1972. Ito'y pinangungunahan ng organisasyong Umangat, Migrante at Solidmove. Naglunsad ng isang munting forum hinggil sa kalagayan ng bansa hanggang sa pamunuan ni P-noy at pagkatapos isang panalangin ekumeniko alay sa mga naging martir ng ating bayan. Ito'y pinangangasiwaan ni Fr. Aris Miranda, MI.

Dumalo sa pagdiriwang ang mga migranteng Filipino mula sa iba't-ibang komunidad, Sri Lankans, at mga kinatawan ng isang organisasyong Italyano (Che fare) na nagsusulong para sa kapakanan ng lahat ng migrante sa Italya tulad ng "*permesso soggiorno per tutti*" at iba pa. Nagpahayag din ang mga ilang kinatawan ng kanilang pagsuporta para sa isang makabuluhang pakikibaka para kilalanin ang karapatan ng mga migrante at ang tunay na kaunlaran sa ating bayan.

Naging bahagi rin sa pagdiriwang na ito, ang malakas na panawagan ng mga organisasyon at migranteng Filipino ang pagpapalaya sa 43 mga manggawa sa kalusugan na sa ngayon ay nakapiit pa sa Camp Capinpin.

Ayon sa mga organisador ng paggunitang ito, ang paglabag sa karapatang pantao tulad ng naranasan ng mga tunay na martir ng bayan sa kasagsagan ng Batas Militar ay hanggang ngayon patuloy na nananalasa. Sa katunayan, ayon sa tagapagsalita ng Umangat na si Teddy Dalisay, sa rehimen ni P-Noy humigit kumulang sa limang biktima na ng extra-judicial killing at pagdukot.

Sundan sa pahina 3

PRESS RELEASE

KALTAS SA BADYET NG OFW: TINUTUTULAN NG MIGRANTE

TUTULAN ANG PAG KALTAS NG BADYET PARA SA MGA OFW
MIGRANTE-MILAN ITALY
Setyembre 20, 2010

Bago pa umupo si pangulong Aquino ay nananawagan na ang mga OFW dito sa Europa partikular na dito sa Italya na ibaba ang lahat ng bayarin sa konsulato lalo na ang passport ngunit naging inutil ang nakaraang administrasyong Arroyo. Sa pagupo ni PNoy muling ipinanawagan ng mga OFW ang kanilang mga hinaing at problema, katulad ng pagpapababa ng presyo ng passport , pagbasura sa Republic Act 9679 o sapilitang pagpapamyembro ng mga OFW sa Pagibig fund, at seryosong resulbahin ang mga problema ng mga OFW at ng mamamayang Pilipino.

Subalit imbes na resulbahin ito, muling itinaas ang passport mula 50 euro to 60 euro dahil sa sistemang E-passport, walang habas ang ating pamahalaan sa pagdagdag pasanin sa ating mga tinaguriang mga bagong bayani. Ngayon, ang panukalang badyet sa 2011 ng pamahalaang Aquino para sa mga OFW ay kakaltasan ang badyet ng DFA mula P19B para sa taong 2010 tungo sa 10.98B para sa taong 2011, pangunahin at pinakamalaki ang ibabawas sa Assistance To Nationals (ATN) at Legal Assistance Fund (LAF). Ang dalawang items na ito ang pinakamahalaga para sa mga OFW.

(*Sundan sa pahina 3*

BALIK-TANAW NG MIGRANTE SA MARTIAL LAW

PAHAYAG SA PAGBALIKTANAW SA BATAS MILITAR AT PAG-AALAY NG PANALANGIN PARA SA MGA NAGING BIKTIMA NG KARAHASAN

September 19, 2010

Tatlumpu't walong taon na ang nakakalipas mula ng ipataw ng dating diktadurang Marcos ang batas militar o martial law, sa panahong ito ay dumanas ng matinding karahasan ang sambayang Pilipino dahil pinaiiral dito ay isang militarisadong pamamahala at hindi umiiral ang tunay na demokrasya. Di kinikilala ang katarungan at kalayaan sa panahong ito. Marami ang naging biktima ng pagdukot, torture, salvage at masaker na hindi nabigyan ng kaukulang hustisya at katarungan.

Hindi naging katanggap-tanggap para sa ating mamamayang Pilipino ang ganitong pamamahala kung kaya't hindi nagtagal ay nagkaisa tayo upang patalsikin sa pwesto ang diktadurang Marcos.

Subalit kahit pa napaalis sa pwesto si Marcos ay kapansin-pansin pa rin ang patuloy na pagdami ng bilang ng nagiging biktima ng karahasan sa ating bayan. Ayon sa isang organisasyon na nagtataguyod ng karapatang pantao ay may naitala sila na mahigit isang libo at isang daan bilang ng mga sibilyan na naging biktima ng karahasan sa panahon pa lamang ng panunungkulan ni dating Pres. Gloria Macapagal-Arroyo. Sa mga pangyayaring ito ay wala ni isa mang kaso ng biktima ng karahasan ang nabigyan ng hustisya ng pamahalaang Arroyo.

Dahil dito walang ibang pinaghihinalaan ang mga pamilya ng mga biktima na may kinalaman ang militar at ang dating gobyernong US-Aroyo sa mga nagaganap na karahasang ito sa ating bayan dahil ang mga biktima ay karaniwang mga miyembro ng mga progresibong organisasyon na nagtataguyod para sa kagalingan at interes ng sambayanang Pilipino.

Sa ganitong kalagayan ay maliwanag na masasabi natin na hindi pa rin nawawala ang karahasan dulot ng batas militar sa halip ito ay lalo lamang naging marahas at mabangis.

Sa, katunayan sa pag-upo pa lamang ng bagong halal na Pangulo na si Noynoy Aquino ay mahigit ng lima katao ang naging biktima ng extra judicial killing at sapilitang pagkawala o desaparecidos.

Ang katanungan ng mga pamilya ng mga biktima ay "Ang pagtulong po ba sa mga mahihirap nating kababayan at pagtatanggol sa ating mga lehitimong karapatan ay isang krimen o kasalanan na dapat suklian ng karahasan?

Suriin din natin ang ating kalagayan bilang isang OFW o migrante. Hindi ba tayo rin ay biktima ng Labor Export Policy (LEP) at sapilitang migrasyon dahil sa halip na paglaanan tayo ng maayos na hanapbuhay na may nakabubuhay na sahod sa ating bayan, ay ipinangangalakal pa tayo ng ating gobyerno sa ibat-ibang panig ng mundo para maging alila sa mga mapagsamantalang dayuhan.

At sa halip na pagbutihin ang kanilang pagsesirbisyo para sa ating mga migrante ay binawasn pa ng gobyernong Aquino ang badyet na nakalaan para sa ating *legal assitance at assistance to nationals*; at tinaas pa ang bayarin sa pagkuha o pag-renew ng passport.

Malinaw na kahit tayong mga migrante ay biktima rin ng hindi wastong pamamahala at kapabayaan ng nanunungkulan sa ating pamahalaan kung kaya dapat tayong magkaisa para ipagtanggol ang ating mga lehitimong karapatan. Hangad natin na makasama ang ating mga mahal sa buhay at manirahan sa ating bayang sinilangan na may tunay na demokrasya, kapayapaan at kaunlaran para sa lahat.

Sa pamamagitan ng mensaheng ito ay pinapaabot ng Ugnayan ng mga Manggagawang Migrante Tungo sa Pag-unlad o UMANGAT ang mahigpit na nakikidalamhati sa mga pamilya ng mga naging biktima ng karahasan at nanawagan ng maagap na hustisya at katarungan.

NEVER AGAIN TO MARTIAL LAW!!!
KATARUNGAN PARA SA MGA BIKTIMA NG KARAHASAN!!
MANGGAGAWANG MIGRANTE MAGKAISA!!
LABANAN AT KUNDENAHIN ANG MGA NAGAGANAP NA KARAHASAN SA ATING BAYAN!!

Reference: *Teddy Dalisay*
Sec.Gen- UMANGAT

Isang Dakot na Pangarap

Bayang naghihirap
Magsasakang walang masaka
Manggagawang naka tengga
At maralitang palaboy sa kalsada

Estudyanteng nakikibaka sa pagtaas ng matrikula
Negosyanteng nakuba na sa merkadong maka-imperyalista
Migranteng di magkanda ugaga sa paglabas ng bansa

At taong simbahan na ngayon ay lumalaban
Bagong administrasyon
Nagpasikat sa masa
"Daang matuwid" ang sambit sa tuwina
"Kayo ang boss ko" na kala mo'y totoo
"Pwede na uling mangarap" pero ang totoo
"Isang dakot na pangarap" ang ipinapatupad

Pero tao'y mulat na
At handa nang lumaban
Ang sandako't na kamao
Ay buong giting na inaalay
Para sa tunay na paglaya ng ating inang bayan!

Ni Egay Bonzon

PRESS RELEASE … (*Buhat sa p. 1*)

Napakalaking insulto ito sa ating mga OFW dahil sa kabila ng patuloy na pagtaas ng mga binabayaran ng mga OFW ay babawasan ang kanilang badyet para sa kanilang kapakanan at serbisyo. Kulang na nga at ninakaw na ang pondo ng mga OFW ng nakaraang administrasyong kakaltasan naman ng bagong administrasyon sa kabila ng pangangalandakan ni PNoy sa kanyang inaugural address na didirektahan niya ang DFA,DOLE at POEA na tiyaking maagap na matutugunan ang mga pangangailangan ng mga OFW. Ang mga talumpati at pangakong ito ay lalong napatunayang hungkag at pangako lamang ng mabisto ang kalunos lunos na kalagayan ng mga nakakulong na mga OFW sa deportation ng Riyadh, Saudi Arabia, matapos itong makunan ng video ng nakalabas na OFW na nauna ng ipinalabas sa TV patrol at sa programang Failon ngayon ng ABS CBN.

ITIGIL ANG SOBRANG PANINIRINGIL SA E-PASSPORT!
IBASURA ANG RA. 9679!

PAG-GUNITA … (*buhat sa p.1*)

Dumalo sa pagdiriwang ang mga migranteng Filipino mula sa iba't-ibang komunidad, Sri Lankans, at mga kinatawan ng isang organisasyong Italyano (Che fare) na nagsusulong para sa kapakanan ng lahat ng migrante sa Italya tulad ng "*permesso soggiorno per tutti*" at iba pa. Nagpahayag din ang mga ilang kinatawan ng kanilang pagsuporta para sa isang makabuluhang pakikibaka para kilalanin ang karapatan ng mga migrante at ang tunay na kaunlaran sa ating bayan
Naging bahagi rin sa pagdiriwang na ito, ang malakas na panawagan ng mga organisasyon at migranteng Filipino ang pagpapalaya sa 43 mga manggawa sa kalusugan na sa ngayon ay nakapiit pa sa Camp Capinpin.

Ayon sa mga organisador ng paggunitang ito, ang paglabag sa karapatang pantao tulad ng naranasan ng mga tunay na martir ng bayan sa kasagsagan ng Batas Militar ay hanggang ngayon patuloy na nananalasa. Sa katunayan, ayon sa tagapagsalita ng Umangat na si Teddy Dalisay, sa rehimen ni P-Noy humigit kumulang sa limang biktima na ng extra-judicial killing at pagdukot.

UMANGAT-MIRANTE SOLIDMOVE

A film that dares to speak the truth on abduction and torture in the Philippines.

A story that depicts the worsening human rights situation in the Philippines and its culture of impunity

BROUGHT TO YOU BY: UMANGAT-MIGRANTE AND SOLIDMOVE

Screening at

AULA 7 DI SACRO CUORE

Via Marsala 42, Roma

Sunday, November 14, 2010 Screening Time: 1st showing 14:30-16:15, 2nd showing 16:45-18:30

For informations and reservation, contact:
Fr. Aris 380 9023257, Teddy 333 3883589, Ed 338 4732743, Ana 320 7416569 - 338 9127951

Dukot

THE FILM NOT TO BE MISSED!

Dukot is based on actual events of abduction and torture. Its world premier at the Montreal Film Festival earned positive acclaim for its "great storytelling, thematic urgency, technical competence and tour de force performance of lead actors."

Dukot, directed by Joel Lamangan, brings back the political film genre, which was made popular by great Filipino directors like Lino Brocka and Mike De Leon. Palanca awardee Bonifacio Ilagan, who wrote the script, says it "could very well be the first full-length film to deal squarely with the current phenomenon of human rights violations in the Philippines."

Extrajudicial killings and enforced disappearances of militant activists, crusading journalists and government critics constitute one of the more disturbing phenomena in recent years in the Philippines. The Philippine government has flatly rejected responsibility and denied complicity in these heinous crimes, professing adherence to the Bill of Rights and to all international protocols on human rights.

Dukot gives the lie to the government claim. It deals squarely with the "culture of impunity" that has made possible the massacre of 57 people, including 31 journalists in Maguindano, Southern Philippines in November 2009.

The film takes off from the abduction of Junix, a student leader turned community organizer, and his girlfriend, Maricel, who used to be a student activist. In the horrid sojourn of their families in search of the missing, the story of Junix and Maricel – and the seething unrest and its consequent social movement in the Philippines – unravels.

Pabayag ng Migrante

EDITORIAL STAFF

Aris Miranda	*Editor in Chief*
Egay Bonzon	*Staff Writer*
Bill Saguing	*Layout and Artworks*
Ed Mariano	*Business Manager*

Mobile : 338 4732743, 338 9707897
E-mail : mpl_03@yahoo.com

Laging makinig sa
UGNAYAN SA HIMPAPAWID
88.9 kHz FM
tuwing linggo 12:05-1:00 pm
tumawag at makilahok sa
tel. 06 4393512
cell. 338 4732743

CAPRICORN
FORWARDERS snc

"BRINGING THE FAMILIES TOGETHER, THOUGH SO FAR, YET SO NEAR, BECAUSE WE HANDLE WITH CARE"

00135 ROMA • VIA LORENZO PANCIATICHI 27
TEL./FAX 06 30820871 - 06 30320571 • EMAIL: capricornforwardersitaly@yahoo.it

FOR MORE INFORMATIONS, PLEASE CALL OR TEXT:
Mr. LEO VIRTUCIO (Gen. Manager) 339 8392472 • Mr. NIEL 339 3055048
Mrs. NENETTE De CASTRO (Asst. Manager) 333 4229026 • JEANNETTE 338 6488791

PROVINCES	SEA CARGO (SIZES)	AIR CARGO (DAYS)
METRO MANILA, RIZAL, CAVITE, LAGUNA, BATANGAS, BULACAN\ PAMPANGA	E 95.00 (JUMBO) E 75.00 (LARGE) E 50,00 (MEDIUM) *32-37 DAYS	E 2.60 / KG (5-7 DAYS) E 2.75 / KG (5-7 DAYS) MINIMUM : 20 KGS
NORTHERN & SOUTHERN LUZON	E 105.00 (JUMBO) E 80.00 (LARGE) E 55.00 (MEDIUM) *35-40 DAYS	E 3 / KG (10=12 DAYS) MINIMUM 25 KGS
VISAYAN REGIONS, MINDORO/PALAWAN	E 125.00 (JUMBO) E 90/00 (LARGE) E 65.00 (MEDIUM) *45-50 DAYS	E3.30 / KG 14-18 DAYS MINIMUM 30 KGS
MINDANAO REGIONS	E 130.00 (JUMBO) E 90.00 (LARGE) E 50.00 (MEDIUM *60-60 DAYS	E 6.30 / KG 15-20 DAYS MINIMUM 30 KGS

Note: ADDITIONAL E20 - 30.00 / BOX FOR OUT OF ROME PICK-UPs.